MALAY
Tomo XIII
1995-1996

ANG KAPALIGIRAN AT ANG MGA KATUTUBONG FILIPINO: ISANG PAGSUSURI NG FUNDAMENTAL NA EPEKTO NG PAMBANSANG KAUNLARAN

Lourdes Veneracion-Rallonza

Marahil matagal nang nalutas ang katanungan ukol sa relasyon ng tao at kapaligiran. Ang sagot ay kasing likas ng kabuluhan ng maraming bagay sa mundong ito—BUHAY. Ang kahalagahan ng pagpapalaganap ng buhay ang nagsisilbing singsing sa pagbubuklod ng tao at kanyang kapaligiran. Ngunit sa panahon ngayon ay tila unti-unti nang humihina ang buklod na ito. Ang dating kaaya-ayang relasyon ng dalawa ay napalitan ng isang uri ng pagtutunggali—ang pagtutunggali kung sino ang dapat maghari at mamuno, tao o kapaligiran.

Maraming teorya tungkol sa kung saan nagmula ang mundo at ang tao. Ang lahat ng ito ay posibleng pagpapaliwanag lamang ng katotohanan. Kung alinman sa mga ito ang katotohanan, marahil ay hindi natin malalaman. Ang makatotohanan ngayon, batay sa mga syentipikong pagsusuri, ay ang pagsulpot ng tao sa gitna ng pagdadalaga ng daigdig. Sa madaling salita, ang mundo ay uminog na ng ilang milyong taon at nasaksihan na ang ebolusyon at ekstinksyon ng ilang uri ng buhay, bago pa man lumitaw ang tao sa daigdig. Sa katunayan, ang tinatawag na "life support system" ng mundo o kapaligiran ang siyang nagbigay ng mga kondisyon upang sumibol ang buhay ng tao. At tulad ng isang tunay na ina, inaruga ng kalikasan ang bagong uri ng buhay na ito—sa pamamagitan ng pagpapasuso mula sa sarili niyang likas na yaman.

Ang proseso ng pag-unlad ng tao, ayon sa mga batikang syentipiko ng agham panlipunan, ay dumaan sa ilang bahagdan. Subalit habang tumataas ang kanyang antas ay lumalapit ang pag-iisip ng tao sa pananaw na kinakailangan niyang pamunuan ang lahat

ng bagay sa kanyang paligid upang masiguro ang pananatili ng kanyang uri sa mundo. Simula't sapul nang mamuhay ang tao sa pamayanang nangangaso ay nagawa niyang baguhin ang maraming bagay sa mundo, pati ang paglipol ng mga hayop. Ayon kay Mostafa K. Tolba sa kanyang aklat na *A Commitment to the Future: Sustainable Development and Environmental Protection:*

> Kahit noon pa ma'y napansin na ng tao na marami sa kanyang gawaing pangkabuhayan ang nakakasira sa mga likas na yaman na kanyang inaasahan. Ang pagpuputol ng puno, "over-grazing" at pagguho ng lupa ay pinababa ang kakayahang agrikultural sa paligid ng Mediteraniya, sa timog at gitnang Tsina, sa Indya at gitnang Amerika (9).

Sa kabila ng kanilang pagpupursigi na mapanatili ang yaman ng kanilang kapaligiran, marami pa ring namukadkad na sibilisasyon ang naglaho.

Marahil ang maaaring makuha sa obserbasyong ito sa proseso ng pag-angat ng sibilisasyon ng tao ay ang katotohanan na mas namayani ang pagnanasa ng karamihan na pamunuan ang kanilang kapaligiran. Ninais nilang hubugin ang kalikasan upang tumugon sa kanilang mga pangangailangan at kagustuhan. Ang mga kataga sa Bibliya ayon sa aklat ng Henesis "pamunuan ang mundo at ang lahat ng nasa loob nito" ay naisakongkreto ng tao hanggang sa punto ng pagkasira ng kapaligiran at pagkapahamak ng sarili niyang uri. Inabuso ng tao ang kapaligiran na wari bang hindi siya bahagi nito. Sa buong kasaysayan ng sibilisasyon, ang tao ay nakaipon ng kayamanan mula sa kalikasan ngunit nito lamang nakaraang 200 taon nalagay sa bingit ng kapahamakan ang kaligtasan ng tao dahil na rin sa mga prosesong ginamit niya (Gallopin et al: 376). Ito ay nangyari sa panahon ng Rebolusyong Industriyal sa siglo 1700 at 1800 at Rebolusyong Syentipiko at Teknolohikal. Dito'y tumaas ang pangangailangan ng tao sa likas na yaman na labis na pumiga sa kapaligiran.

Sa kasalukuyan, ang problema ukol sa kapaligiran ay hindi na eksklusibo sa poder ng syensya. Ito ay isa na rin sa mga prayoridad ng mga liderato sa iba't ibang panig ng mundo, maging mayamang bansa man o mahirap na estado. Kabilang na ang isyung ito sa

hanay ng pandaigdigang seguridad at pangkabuhayan (Gareth at Brown: 1). Sa madaling salita, ang krisis sa kapaligiran ay isa nang pandaigdig na suliranin. Nakilala na rin ang katotohanan na ang problemang ito ay resulta ng *environmental degradation* sa pambansa at pangmundong antas. Ilan sa mga pinagsama-samang lokal na aksyon sa kapaligiran na nakakaapekto sa pandaigdigang komunidad ay ang pinagsama-samang epekto ng: pagkakalbo ng kagubatan o *deforestation* na dahilan ng pagkabagabag ng balanse ng *global carbon dioxide supply*; lokal na industriyal at agrikultural na polusyon; maraming lugar na may *potential regulatory capacity;* patuloy na pananatili ng kahirapan sa maraming bansa. Sa kabilang dako, ang pagkasira ng kapaligiran sa antas pandaigdig ay malaki rin ang epekto sa mga indibidwal na estado. Ang pagbabago ng klima at lebel ng tubig-dagat sa buong mundo, ang polusyon sa himpapawid at karagatan, ang karera sa pag-iimbak ng armas nukleyar, at ang panganib ng gyerang nukleyar, ay ilan lamang halimbawa.

Ang bansang Filipinas ay hindi rin makakatakas sa suliraning ito. Sa katunayan, ito pa nga ang isa sa mga namimiligrong bansa dahil sa lawak ng pagkasira ng kapaligiran at unti-unting pagkaubos ng mga likas na yaman. Ayon kay Zelda Zablan ng U.P. Population Institute sa Diliman, kritikal na ang kalagayan ng ating kapaligiran. Ang mga sumusunod ang nagpapatunay rito:

1. Ang kabuuang lawak ng kagubatan ng bansa na noong maagang bahagi ng siglong 1900 ay binubuo ng 60% , ngayon ay 23% na lamang.
2. Ang patuloy na pagbaba ng produktibidad pang-agrikultura ng bansa dahil sa pagpapalawak ng marginal lands, pagkasira sa kakayahan ng lupang buhayin ang mga pananim, sobrang paggamit ng pestisidyo at kemikal na pataba, at ang pagbaba ng bilang ng mga lupang maaaring sakahin dahil sa kumbersyon ng mga ito sa mga subdibisyong tirahan at lugar pang-industriya.
3. Ang unti-unting paglubha ng kalagayan ng tubig-tabang–40 sa kabuuang 384 na mga ilog sa bansa ngayon ay itinakda nang "biologically dead."
4. Ang pagkasira ng *coastal habitat* at mga likas-yaman nito dahil na rin sa pagkawasak ng mga coral reefs at mangroves.
5. Ang grabeng pagdami ng tao na siyang patuloy na pumipiga sa kapaligiran upang matugunan ang kanilang mga saligang pangangailangan. (Zablan: 4-5)

Ang ganitong sitwasyon ay pinagmumulan din ng mababang kita, karalitaan, pagpapaalis ng maraming katutubong mamamayan sa kanilang lupang kinagisnan, at ang pananatili ng panlipunang tunggalian.

Upang malaman kung bakit at paano naging ganito ang sitwasyon ay kinakailangang ungkatin ang nakaraan. Lalung-lalo na ang karanasan ng bansa sa ilalim ng pananakop ng mga banyaga na mas laganap at tahasan ang pwersang iginigiit sa pagkuha ng likas na yaman. Ang mga panahon ding ito ang nagpamana ng maraming kaisipan kung paano dapat masagad ang paggamit ng mga yamang ito. Sa kontekstong ito makikilala na ang krisis sa ating kapaligiran ay isa lamang salamin kung ano ang kinikilingang oryentasyon ng panlipunang istruktura. Dahil ang suliraning pangkapaligiran ng bansa ay hindi nag-iisa at hiwalay na isyu– kundi produkto ng patuloy na pag-iral ng pantayong pananaw ng bansa sa larangan ng pampulitika, pang-ekonomiya at pangkulturang modelo upang makamit ang minimithing pambansang kaunlaran–ito ay walang pinagkaiba sa kaisipan ng mga unang tao sa mundo na dapat ay pamunuan nila ang kalikasan upang maiakma sa kanilang mga gusto't pangangailangan.

Paglalahad ng Suliranin

Ngunit ano nga ba ang pambansang kaunlaran? Para kanino nga ba ito? Kahit na ang pinakasaligang kahulugan ng kaunlaran, ano ba ang ibig sabihin nito?

Ang pagtugon sa tanong ay hindi simple. Dapat tingnan kung saan nagmula ang pinagbatayan ng sagot sa tanong. Tulad ng konsepto ng "kaunlaran"—mula sa simpleng *pagpapalaki* at *pagbuo* hanggang sa *pagsulong*. Marahil ang dapat tingnan ay kung paano ginamit ang konsepto sa isang konteksto o kundisyon. Ito ang kabuluhan ng pag-aaral na ito. Ang pagtugon kung ano ang kahulugan ng kaunlaran para sa isang indibidwal o grupo at para sa bansa. Sa ganitong paraan makikita ang kabalintunaan ng ilang mga pagpakahulugan. Gaya na lamang ng kahulugan ng kaunlaran para sa mga tinatawag nating "marginalized peoples" ng ating lipunan, ang mga katutubong Filipino, at ang kahulugan ng kaunlaran para sa pamunuan ng lipunan na nagdidirekta ng paraan kung paano mararating ito. Ang tumbalik na sitwasyong ito ang magiging batayan

upang suriin kung ano ang kahihinatnan ng kapaligiran at ng mga mamamayang ito dahil sa kinakapitang pormularyo ng lipunan tungo sa pambansang kaunlaran. Kung gayon, ang pag-aaral na ito ay isang pagtugon sa katanungang "*Anu-ano ang mga fundamental na epekto sa kapaligiran at sa kultura ng mga katutubong Filipino ng pangkasalukuyang pamamaraan ng pambansang kaunlaran?*"

Lawak at Sakop ng Pag-aaral

Bilang pagtugon sa inilahad na suliranin, ang pag-aaral na ito ay nakasentro sa relasyon ng tao at kanyang kapaligiran. Partikular na pag-aaralan ang relasyon ng mga katutubong Filipino sa kanilang kapaligiran at ang epekto sa kanila ng proseso ng kaunlaran na ginagamit ng pamahalaan. Ipapakita ng pag-aaral na ito na mayroong pagtutunggali sa pagpapakahulugan ng konsepto ng kaunlaran mula sa mga punto de bista ng mga katutubo at ng pamunuan ng lipunan. Subalit nararapat ding linawin na ang pag-aaral na ito ay isa lamang overview ng suliranin. Ipapakita lamang dito ang pangkalahatang epekto ng mga proyektong pangkaunlaran sa buhay ng mga katutubong Filipino.

Para sa pag-aaral na ito, dalawa ang ginamit na batayan. Una, ang pangkaunlarang teorya o "development theory" na nakasentro sa konsepto ng "dependent capitalist development model" sa konteksto ng Kanluraning pormularyo upang maitaguyod ang nangingibabaw na kaisipan ukol sa pambansang kaunlaran at industriyalisasyon. Ang modelong ito ay batay sa isang layunin—ang realisasyon ng sobra o "surplus" upang magkaroon ng kita o "profit." Ang ganitong sistema ang nagbigay-daan sa isang pang-ekonomiyang sistema na labis ang pagpapahalaga sa pera at materyal na usapin. Mula rin dito ipinanganak ang tinatawag na "cash economy" na nagbigay-daan upang pahalagahan ang pagdagdag sa puhunan. Ang ganitong klaseng sistema ay base sa pangmalawakang produksyon at pribadong pangangamkam. Ang ganitong istruktura ay hindi lamang umiiral sa loob ng bansa kundi kabilang din ito sa isang nananatiling pandaigdigang sistemang pangkapitalista. Sa katunayan, ang Filipinas, bilang isang Ikatlong Bansa, ay nagsisilbing "pheriphery" sa ilang mayayamang bansa. Ibig sabihin, ang bansang Filipinas ang kadalasang pinanggagalingan ng mga produktong

kinakailangan (lalung-lalo na ng mga hilaw na materyales) ng mga mayayamang bansa. Bilang isang "pheriphery," ang Filipinas ay nakatali sa demands ng mga bansang First World at ng pandaigdigang pamilihan. Mula sa puntong ito susuriin ang kasalukuyang pinanghahawakang pormularyo ng estado tungo sa pambansang kaunlaran.

Ang ikalawang batayan ng pagsusuri ay ang "sustainable development theory" na pinaniniwalaan ng mga katutubong Filipino na nakasentro sa usaping pangangalaga ng kanilang kapaligiran. Ang ganitong konsepto ay batay na rin sa mga paniniwala ng mga katutubo na ang kanilang kapaligiran, partikular na ang paggalang sa kanilang lupa, ang siyang haligi ng kanilang buhay. Ang lupa, para sa kanila ay banal...ang pinanggagalingan ng lahat ng kanilang pangangailangan. Ang lupa at lahat ng yaman nito ang kanilang buhay. Kaya ang ganitong paniniwala ng "affinity with nature" ang nagpapatunay na kinakailangang pangalagaan nila ang kanilang kapaligiran. Anihin man nila ang yaman ng kapaligiran, ginagawa nila ito sa isang paraan na hindi makakasira sa kalikasan. Ito ay bahagi na ng kanilang kultura kaya masasabing ang mga katutubo ang kauna-unahang "environmentalist" at "sustainable development practitioners." Mula sa ganitong perspektibo susuriin ang mga istratehiya ng mga katutubo upang mapagtibay ang kanilang ipinaglalaban sa gitna ng tumbalik na kaisipan tungo sa pambansang kaunlaran.

Kabuuan ng Pananaliksik

A. Ang Entablado ng Tunggalian

> "Our ancestors and our Apo Sadawa entrusted to us this land which we would protect because it is the source of our life, our hospital, our everything..."
>
> Datu Tulalang, nakakatandang Bagobo
> (mula sa "fieldnotes" ni Duhaylungsod)

> "Our land comes first. We T'boli are nothing without our land. Everything come after the recognition of our ancestral domain...Look around you, our an-

cestors cultivated here and planted the bamboo and kapok trees."

Crispin Simpal, T'boli
(Duhaylungsod and Hyndman, 1992)

"It is here that our elders died, therefore it is also here that we decide to die. We are ready to die and defend our land no matter what happens. My defending this land is not for myself but for everyone, especially the T'boli. We do not want that our children will steal in the coming days. And when we old people die, our children would take over in cultivating this land. Therefore, we must go back to our ancestral domain and live in peace."

Turing, T'boli
(Duhaylungsod and Hyndman, 1992)

Ang lupa ang batayan ng buhay. Sa anumang aspekto ng buhay ng tao, ang lupa ay direktang humuhubog ng kanyang pananatili sa mundo. Iba-ibang antas ang pananaw sa kahalagahan ng lupa. Ang iba ay sa pang-ekonomiyang aspekto lamang ng lupa ang pinanggalingan ng kita mula sa pag-ani ng mga pananim. Sa iba naman, ang lupa ay nagiging batayan ng "social prestige." Sa pampulitikang aspekto, ang lupa ang nagiging batayan ng kapangyarihan. Ngunit may ilan din naman na hindi mapaghihiwalay ang kanilang mismong buhay at kultura mula sa lupa...at ito ang mga katutubong Filipino.

Ang pakikibaka ng mga katutubo noong nakaraang panahon ng kolonyalismo at ngayong pangkasalukuyang panahon ay nakatali sa pakikipaglaban para sa kanilang "ancestral domain"—ang pangangalaga ng lupa, bundok, kagubatan at tubig na nagpanatili simula't sapul pa sa mga katutubo at sa kanilang isisilang pang henerasyon (Claver: xv). Ang kanilang pangarap ay ang mapasakanila muli ang lupa na batayan ng kanilang buhay, ang lupa na humubog ng kanilang kultura, tradisyon at pandaigdigang pananaw na may walang humpay na kasaysayan ng "communal life and productive struggle with nature" (Claver, ibid.). Ngunit sa gitna ng

panahon ng modernisasyon at sa siglo ng makabagong kolonyalismo o "neo-colonialism" na nagpatibay ng mga panlipunang istruktura ng pangingibabaw at kawalan ng katarungan, ang pangarap ng mga katutubo ay bumabangga sa mga "'modernizing' forces of development and authoritarianism"(Claver, ibid.). Sa pangkalahatan, mayroong namamayaning mapanlupig na istruktura sa estado na nagiging balakid para makamtan ng mga katutubo ang kanilang lupa, buhay at pangarap. Ayon sa *Struggle Against Development Aggression* na mula sa publikasyon ng TABAK, ang mga ito ay:

1. ang pyudal at imperyal na pamana ng konsepto ng Regalian doctrine na dito'y naisagawa ang paglikom ng iilang indibidwal, o pamilya, o "dynasties" sa pamamagitan ng "inheritance or purchase of vast tract of land arrogated by the colonizers unto the name of the Crown";
2. ang mga pang-estadong doktrina ng pambansang integrasyon, pambansang kaunlaran, pambansang seguridad, at maging ang konsepto ng "nationhood" na agad nagbigay ng mekanikal na konseptwalisasyon ng "Filipino nation," na wala man lamang konsiderasyon sa likas na pagkakaiba ng mga etnolinggwistikong kultura, ay nagsagawa ng mga pangkaunlarang programa na hindi pinag-aaralan ang mga pangangailangan ng mga katutubo at walang konsultasyon sa kung paano makakaapekto itong mga proyektong ito sa kanila; at
3. ang impluwensya at paghahari ng mga transnasyonal na interes na bumabalot sa konsepto at pamamaraan ng kaunlaran na sinusunod ng bansa kapalit ng mga kahina-hinalang benipisyo mula sa kanyang "international patrons"

(Claver: xvi)

Makikita sa ganitong mga detalye na ang estado mismo ang nagpapatibay ng mga kalagayan upang mapanatili ang status quo. Ang namamayaning kaisipan ukol sa kaunlaran ay nakatali na sa mga istruktura na institusyonal na sa bansa batay na rin sa kanyang karanasan sa ilalim ng kolonyalismo. At dahil dito, ang mga katutubo ay naging iskwater sa kanilang sariling lupa. Ayon kay William Claver sa pagtatapos ng kanyang maikling diskursong pinamagatang "Our Struggle Endures, The Land of Our Ancestors Shall Yet Be Ours" ay nabanggit niyang:

> "The present land laws in the Philippines—despite corrective measures that have been introduced in certain provisions of the Constitution with regard to Ancestral Domain—plus the unbridled policies of both state and corporate interest of intruding into this domain rich with natural resources, are definitely part of the whole superstructure of dominance that will continue to oppress and exploit the Indigenous Peoples of this country..."
>
> (Claver, ibid.)

B. Ang Dimensyon ng Tunggalian

Sa pangkasalukuyan, may makikitang likas na tunggalian sa pagitan ng dalawang saligang pananaw: ang pangkapitalistang pananaw ng estado upang makamit ang kaunlaran at ang katutubong pananaw ng mga tinatawag ng "indigenous peoples" upang mapanatili ang kanilang lahi. Mula sa pinakapangunahing magkataliwas na paraan ng produksyon o "modes of production" hanggang sa pangkalahatang paraan ng pagpapahalaga (o di-pagpapahalaga) sa buhay at kapaligiran.

Makikita sa talaan sa susunod na pahina ang diyalektikal na pagkakaiba ng sistemang pamproduksyong kinikilingan ng estado at ng mga katutubong Filipino. Ang magkaiba at taliwas na prinsipyong pamproduksyon ay may magkaiba ring implikasyon para sa pagbabahagi ng yaman ng kapaligiran (Schmink at Wood: 40). Dahil ang katutubong pamamaraan ay hindi nakakagawa ng "significant market surplus," ang mga estado sa iba't ibang panig ng daigdig ay kadalasang nagrereklamo na ang mga katutubo "occupy, exploit, and do not produce anything of capital value on large areas of valuable lands which have potential for other forms of resource exploitation" (Duhaylungsod: 11). Dahil sa paglawak ng kumpetisyon sa bansa, ang mga lupa at yamang likas ng mga katutubo ay napasailalim sa dominasyon at ekspropriyasyon ng estado (Duhaylungsod: 12). Ito ay napapagtibay ng estado batay sa rason na "underutilized" ang mga lupaing ito kung maiiwan sa mga katutubo kung kaya't kinakailangang pamunuan nila para maging mas produktibo.

Sa mas malawakang pananaw, ang oryentasyon ng dalawang panig ay taliwas din. Marahil ito ang isa sa mga produkto ng

Ang Diyalektikal na Tunggalian ng Dalawang Paraan ng Produksyon

	Batayan ng Estado (Kapitalismo)	Batayan ng Katutubo ("Kinship")
LAYUNIN	Pagkamkam ng labis o "surplus"	Tugon sa tamang pangangailangan lamang o "subsistence"
PARAAN	Pangmalawakang produksyon Pribadong akumulasyon	Produksyong "subsistence" Simpleng reproduksyon

kasaysayan ng bansa na kung saan ang pamunuan ng estado ngayon ay nagmula sa mga Filipinong nasakop at napailalim sa kolonyal na kultura samantala ang mga katutubo ay hindi naimpluwensyahan ng kultura ng mga mananakop. Dala nito, naisabuhay ng maraming tao ang kaisipan at kulturang kanluranin na kumikiling sa kapitalistang oryentasyon. Ang mga katutubo naman ay nanatiling tapat sa kanilang nagisnang uri ng buhay kung kaya't ang kanilang mga fundamental na pamamaraan at paniniwala ay nanatiling karugtong ng kanilang buhay. Ayon sa aklat na *Struggle Against Development Aggression:*

> "The indigenous peoples have lived for centuries in harmony with Mother Earth. Their societies have been built on traditions of sharing, consensus and respect for land and the human person. People who believed that humans are mere stewards of the earth and that its fruits must be shared by all. The earth cannot be a property of any one individual but rather collectively owned by a race. And by communally nurturing it, Mother Earth will nourish the race and the generations of indigenous peoples to come".
>
> (TABAK: 99)

Para sa mga katutubo, ang lupa ay hindi isang bagay na maaaring ipamigay o ipamahagi kahit kanino. Ang karapatang gamitin ito ay hindi batay sa pinanghahawakang papel o titulo. "Land tenure for appropriation of territory follows ancestral rights" (Duhaylungsod: 9). Taliwas ang ganitong pananaw sa kasalukuyang pinanghahawakang kaisipan ng estado na ang lupa ay isang bagay na maaaring ariin, gamitin at ibenta ayon sa nais ng nagmamay-ari nito, maging estado man o indibidwal (TABAK: 100). Para sa pamahalaan ng bansa, dayuhan at lokal na mga korporasyon, "the land is viewed merely as an exploitable resource-base for profit and gain" (TABAK: 100).

Sa gitna ng lahat ng ito, hindi ibig sabihin na ang mga katutubo ay laban sa konsepto ng pambansang kaunlaran. Yamang dapat lamang maituwid kung para kanino ang kaunlarang ito—kung sino ba talaga ang makikinabang dito. Naniniwala sila sa isang uri ng kaunlarang hindi isinasaisantabi ang karapatan ng mga taong lubusang maaapektuhan ng mga pangkaunlarang proyekto at hindi sisirain ang kapaligiran. Subalit sa pagpapahalaga ng kaunlaran mismo nagkakaroon ng tunggalian.

C. *Mga Fundamental na Epekto ng Pormularyong Pambansang Kaunlaran sa Kapaligiran at sa mga Katutubong Filipino*

> "The State, subject to the provisions of the Constitution and national development policies and programs, shall protect the rights of indigenous cultural communities to their ancestral lands to ensure their economic, social and cultural well- being."
>
> "The Congress may provide for the applicability of customary laws governing property rights or relations determining the ownership and extent of ancestral domain."
>
> Art. XII, Sec. 5
> Philippine Constitution

Sa kabila ng pagpapatunay na ito na nakasaad sa Saligang Batas ng bansa, hindi pa rin napabuti ang kalagayan ng mga katutubong Filipino. Ito ay sa dahilang hindi pa rin pinapahalagahan ng estado ang kanilang paraan ng pamumuhay. Kahit na magsagawa ang pamahalaan ng mga proyekto na makakatulong umano sa kanila, lalong napapasama ang kanilang kalagayan. Halimbawa, ang integrasyon ng mga teritoryo ng mga katutubo sa ilalim ng teritoryo ng estado ay tahasang pang-aagaw ng kanilang katutubong lupain. Isa na rito ang pagkakaroon ng National Integrated Protected Areas System (NIPAS). Ito ay naisabatas sa panahon ng rehimeng Aquino upang magtatayo ng mga pambansang parke na naglalayong protektahan ang kapaligiran. Maraming mga katutubong Filipino ang naninirahan sa lugar ng NIPAS. Sa loob nito, sila ay tinaguriang mga iskwater sa pinaniniwalaan nilang katutubong lupa.

Ang Mt. Apo ay dineklara bilang pambansang parke noong 1936. Para sa mga katutubo, ito ang tirahan ng kanilang Apo Sadawa, isang banal na lugar na bahagi ng kanilang katutubong lupain. Simula't sapul, ang Mt. Apo ay bahagi na ng katutubong lupain ng mga Manobos sa timog-kanluran, Diangan sa silangan, at Ata, Bagobo, K'lagan at Kaulo sa hilagang bahagi ng bundok. Sa kasalukuyan, may humigit na 460,000 Lumad ang naninirahan sa paligid ng bundok at umaasa rito para sa kanilang pamumuhay.

Ngunit sa kabila ng NIPAS, marami pa ring mga ilegal na gawain ang nangyayari dito tulad ng ilegal na panonroso. Sa katunayan, dahil sa legal na mekanismo ng estado, lalong napapagtibay ang mga ilegal na gawaing ito.

> "Declarations made by different administrations carved out portions of the park into different settlements and agricultural lands. In many instances, these were political concessions to local officials from the national government."
>
> (KAMP information flyer: Squatters in the Land We Nurtured)

Lalong naging malala ang sitwasyon nang ang pamahalaan mismo ang sumuway sa layunin ng NIPAS.

> "Noong abente-otso ng Abril taong 1987, ang Philippine National Oil Company (PNOC), ang pangunahing ahensya ng pamahalaan sa eksplorasyon ng enerhiya, ay pumasok sa sagradong lugar ng Mt. Apo. Pinabagsak nito ang ilang daang mga puno at pinasabog ang ilang lugar ng kabundukan upang bigyang daan ang pagtatayo ng 8.5 kilometrong kalye mula Ilomavis sa Kidapawan hanggang Agko. Ito ay pagbibigay daan sa pagtatayo ng isang 'geothermal power plant' sa Mt. Apo."
>
> (TABAK: 40)

Sa katunayan, sa lahat ng pangkaunlarang proyekto ng pamahalaan, ang mga "power generation projects" ang tahasang nakakaapekto sa mga katutubo. Sa kasalukuyan, isa na namang proyekto ng pamahalaan ang nagbabadya na magpaalis sa humigit 10,000 mga katutubo sa mga 3,350 ektarya na kanilang "ancestral domain" sa pagitan ng Nueva Viscaya at Quirino. Ang National Power Corporation (NAPOCOR), sa pagtugon sa lumalalang krisis sa kuryente, ay nagbabalak na magtayo ng "hydroelectric power dam" sa ilog ng Casecnan na nasa puso naman ng katutubong lupain ng mga Bugkalot, Ibaloi, at Kankanai.

> "Ironically, most of the indigenous groups to be affected by the construction of the dam had, one way or another, a history of displacement caused by dams. Previous generations of Bugkalot people were displaced by the construction of the Pantabangan dam in Nueva Ecija as were the Ibaloi and Kankanai settlers from Benguet Province. Displaced in the name of power generation, they will be facing the same situation again. The Bugkalot are not spared from further irony that the Casecnan project is intended for diverting water that displaced them earlier."
>
> (TABAK information flyer: *DAM: To Flood Bugkalot's Ancestral Domain*)

Ang pinaplanong dam na ito ay ilulubog ang mga lupang sakahan at palaisdaan sa Casecnan River Basin at Conwap Valley ng mga katutubo. Bukod dito, lulunurin din ang natitirang kagubatan sa Nueva Vizcaya. Kahit mula sa pananaw ng batas, ito ay ilegal. Ngunit ang pamahalaan mismo ang nagsasagawa nito sa tulong ng mga pandaigdigang pinansyal na institusyon gaya ng World Bank. Ang mga proyekto raw na ito ay magpapadali sa pagiging industriyalisado ng bansa sapagkat ang mga ganitong imprastruktura ang manghihikayat ng mas marami pang dayuhang mamumuhunan.

Ang panghihimasok ng pamahalaan sa teritoryo ng mga katutubo ay hindi lamang sa larangan ng pagtatayo ng mga imprastruktura kundi pati na rin sa iba pang gawaing makakakuha sila ng kita sa likod ng bandera ng pambansang kaunlaran. Isa na rito ang panonroso. Halimbawa nito ang karanasan ng mga Banwaon sa Sitio Mahagsay, San Luis, Agusan del Sur na humaharap sa problema ng panonroso sa ilalim ng proyekto ng DENR na tinatawag na *Industrial Forest Plantation*. Noong Oktubre 1992, nag-isyu ang DENR sa Provident Tree Farms, Inc.(PTFI) ng 20,770 ektaryang Industrial Forest Management Agreement na sakop ang halos kabuuang lupang sakahan ng mga Banwaon. Matagal nang nilabanan ng mga katutubong ito ang anumang gawaing pagpuputol ng puno sa loob ng katutubong lupain. Sa muling pagbabalik ng panonroso sa kanilang lugar, ay lalo pang naging mapanlupig ang mga korporasyong namamahala ng mga ito. Isang halimbawa na ang paggamit ng militar sa pananakot sa mga katutubo upang tumigil ang mga ito sa kanilang ipinaglalaban—ang proteksyon ng kanilang kagubatan. Ngunit ano ba naman ang kahulugan ng proyektong IFMA ng pamahalaan?

> "This program encourages the establishment of corporate tree plantations, generally of fast growing, commercially valued, and exotic soft-wood species of trees over large tracts of classified public forest lands. It gives the corporation control of the area for plantation purposes, irrespective of the actual occupants of the areas covered and their rights and needs."
>
> (TABAK information flyer:
> *Logging: Back A Decade After*)

Ang Industrial Forestry Program na ito ay sinusuportahan ng Asian Development Bank sa larangan ng pagpapautang sa mga humahawak ng IFMA. Kadalasan ang mga ito ay mga kumpanyang nanonroso na naglalayong mapanatili at mapalawak ang lugar ng kanilang operasyon sa mga susunod pang dekada. At ang 'pribilehiyong' ito ay ibinibigay mismo ng pamahalaan.

Marahil ang ikatlong programa ng pamahalaan na nakakaapekto nang lubusan sa mga katutubo at kanilang kapaligiran ay ang pagmimina ng mga malalaking dayuhan at lokal na korporasyon. Sa lugar ng mga Lumad sa Mindanao, may walong kumpanya na patuloy na nagmimina sa lupain ng mga katutubo. Ilan rito ang Australian Western Mining na sumasakop ng 3,000 ektaryang lupa ng mga T'boli sa lawa ng Sebu, South Cotabato, ang North Davao Mining Corporation at Atex Mining Corporation. Sa hilagang bahagi ng bansa, ang nangungunang korporasyon sa pagmimina ay ang Benguet Mining Corporation sa probinsya ng Benguet. Malaki ang kasiraang naidudulot ng proseso ng kanilang pagmimina (open at bulk mining) sa kapaligiran at sa mga mamamayang naninirahan sa paligid. Ang mga katutubo na sanay sa tradisyunal na pagmimina ay nilalamon ng malalaking korporasyong ito. Sinisira nito ang pinag-uugatan ng ginto na ikinabubuhay ng mga katutubo roon. Dagdag pa rito ang delikadong kalagayan ng mga manggagawa na maaaring malibing sa pagguho ng lupa dulot ng maling pamamaraan sa pagmimina ng korporasyon.

Sa pangkalahatan, ang mga pangkaunlarang proyekto ng pamahalaan ay walang naidudulot na mabuti sa kapaligiran at sa kabuhayan ng mga katutubong Filipino. Bagkus, kadalasang lalong pinahihirap nito ang kanilang kalagayan. Ang mga proyektong ito ay puro pangako—na bibigyang kumpensasyon ang mga katutubo sa pagkuha ng kanilang lupa; na bibigyan sila ng pagkakataong magkaroon ng kabuhayang pagkikitaan at kung anu-ano pa. Subalit ang mga pangakong ito ay nananatiling pangako lamang. Ang pangunahing pananaw mismo o saligang paniniwala ng estado ay taliwas sa konseptong pangkabuhayan ng mga katutubo. Hindi nakapagtataka na ang kadalasang katanungan nila ay "Para kanino ang kaunlaran?"Sa gitna ng ganitong pinanghahawakang pormularyo ng estado, ano ang kahihinatnan ng mga katutubo—ng kanilang buhay, kultura at lalung-lalo na ng yaman ng kanilang lupain—kapag natugunan na ang layunin ng mga proyektong ito? Isa pang

pagpapatunay na ang pangkaunlarang istratehiya ng pamahalaan ay panandalian lamang at hindi tulad ng pamamaraan ng mga katutubo na pinahahalagahan ang henerasyon pang darating.

Paglalagom

Ipinakita ng pag-aaral na ito ang pangkalahatang epekto ng nangingibabaw na oryentasyon ng estado sa buhay at kapaligiran ng mga katutubong Filipino. Ipinakita rito na dahil likas ang tunggalian sa pamamaraan upang mapabuti ang kalagayan ng mga mamamayan, ay likas na taliwas din ang nagiging bunga nito. Dahil sa pangkapitalistang pamamaraan, ginagamit ng estado ang lahat ng kanyang kapangyarihan upang matugunan ang mga pangangailangan ng isang pang-ekonomiyang sistema na ang layunin ay kumita. Ang kitang ito, ayon sa pangkasalukuyang pananaw, ang siyang magbibigay-daan upang makamtan ang minimithing pambansang kaunlaran na may titulo ng pagiging industriyalisadong bansa. Nariyan ang payagan ng pamahalaan mismo ang ilang mga proyekto na direktang makakasama sa mga katutubo at kapaligiran—tulad ng mga "power generating plants." Ang katwiran ng pamahalaan ay dapat isakripisyo ang iilan upang matugunan ang pangangailangan ng nakararami. Ngunit ayon din sa mga detalyeng nailahad, sa kabila ng lahat ng sakripisyo ng mga katutubo, hindi naman bumuti ang kalagayan ng nakararaming Filipino. Nananatili pa ring mahirap ang 70% ng buong populasyon. Hindi pa rin bumuti ang pamamahagi ng yaman ng bansa; laganap pa rin ang hindi pagkakapantay-pantay at kawalan ng katarungan. Manapa, ang tahasang nakikinabang sa mga proyektong ito ay ang 10% ng mga mamamayan na may pang-ekonomiya at pampulitikang kapangyarihan. Ang nakakalungkot dito ay ang mga tao ring ito ang siyang nagdidikta at gumagawa ng tinatawag nilang pangkaunlarang mga proyekto na tumutugon lamang sa interes ng mga dayuhan at lokal na mga kapitalista. Ang ganitong kalagayan ang nagiging batayan ng nilalabanan ng mga katutubong Filipino na tinatawag na "development aggression"—isang uri ng pangkaunlarang iskima na hindi makatotohanan sa tunay na layunin ng pagbabago at kaunlaran.

Ang pagpapabuti ng buhay, ayon sa mga katutubo, ay nakatali sa pakikiisa sa kapaligiran. Naniniwala sila na ang lupa at lahat ng yaman nito ay inihabilin lamang kaya dapat pangalagaan. Marahil

sa mga katutubo talaga nanggaling ang konsepto ng "sustainable development" dahil sa pagkilala nila sa kanilang obligasyon sa mga darating pang henerasyon. Dahil sa kanilang konseptong "communing with nature," kinikilala ng mga katutubo ang kakayahan o "carrying capacity" ng kapaligiran. Ito ang tanda kung bakit ang kanilang pamamaraan ay hindi nakakasira sa kapaligiran. Kinikilala rin nila ang kanilang tungkulin bilang "stewards" lamang ng kalikasan at hindi tagapaghari nito. Ang lahat ng ito ay nakatali sa kanilang kultura na nagpanatili pa sa kanilang lahi ilang dantaon na ang nakakalipas. Hindi tulad ng mga umano'y pangkaunlarang proyekto na isang uri lamang ng "commercial venture"—ang pagmimina, panonroso, pangkorporasyong sakahan at kahit ang mga programang "reforestation"—na tahasang sinisira ang batayan ng buhay...ang kapaligiran. Isang pagpapatunay muli sa baluktot na paniniwala na ang tao ang dapat mamuno at maghari sa kalikasan.

SANGGUNIAN

Adam, Francis. 1976. *Econometric module of world agricultural commodity markets.* Cambridge: Belliger Pub.

Benitez, Helena. 1972. *The impact of ecology for Asians.* Philippine Council for Management Conference.

Claver, William. 1990. Our struggle continues: The land of our ancestors shall yet be ours. Sa *Struggle against development aggression.* TABAK Publication.

Duhaylungsod, Levita. 1993. Ancestral domain and cultural identity: Missing notes in development. Isang papel na binasa sa Symposium on Environment and Sustainable Development, PSSC Bldg., Q.C. Enero.

_____ at R. Piopino. 1992. Mga "Fieldnotes" mula ika-20 hanggang ika-26 ng Oktubre.

_____ at Hyndman. 1992. *Where the T'boli bell toll: Political ecology voices behind the Tasaday hoax.* Copenhagen, Denmark: IWGIA.

Emmanuel, Jorge. 1990. The Philippine environment and sustainable development. Sa *Critical Decade.* Philippine Resource Center.

Gallopin, Gilberto, et al. 1991. *Global impoverishment, sustainable development and the environment: A conceptual approach.*

Gareth, Peter at Janet Brown. 1991. *Global environmental politics.* Colorado: Westview Press, Inc.

Kalipunan ng mga Katutubong Mamamayan ng Pilipinas (KAMP). 1993. *Squatters in the Land We Nurtured.* Information Flyer.

Pearce, David. 1980. *Sustainable development: Economics and environment in the Third World.* London: Earthscan Publication Ltd.

Prill-Brett, June. 1993. Sustainable strategies for natural resource management in the Cordillera highlands. Isang papel na binasa sa Empowerment and Accountability for Sustainable Development: Towards Theory Building in the Social Sciences, PSSC Bldg., Q.C. 9-10 Disyembre.

_____. 1993. Ancestral land rights and legal pluralism: Another land reform in Northern Philippines. Isang papel na inilahad sa 13th International Congress of Anthropological and Ethnological Sciences, Mexico City. 29 Hulyo-5 Agosto.

Schmink, W. at C. Wood. 1987. The "political ecology" of Amazonia. Sa *Lands at risk in the Third World: Local level perspective.* Boulder: Westview Press.

Suwara II (3). 1991. Opisyal na lathahain ng LUMAD MINDANAO.

Tunay na Alyansang Bayan Alay sa Katutubo (TABAK). 1990. *Struggle against development aggression.* Q.C.: SBA Printers, Inc.

_____. 1993. *Dam to flood the Bugkalot's ancestral domain.* Information Flyer.

_____. 1993. *Logging: Back after a decade.* Information Flyer.

Tolba, Mostafa K. 1992. *A commitment to the future: Sustainable development and environmental protection.* UNEP.

Zablan, Zelda. 1993. *An overview on environment and sustainable development.* Isang papel na binasa sa Syposium on Environment and Sustainable Development: A Social Science Perspective, PSSC Bldg., Q.C. Enero.